

PAGSUSURI SA MGA UNANG TAON (EARLY YEARS EVALUATION – EYE)

Mungkahi sa mga Pamilyang may Anak sa Prekindergarten

Kamalayan sa Sarili at Kapaligiran – pang-unawa sa mundo at sa kakayahang gumawa ng pag-uugnay sa tahanan at karanasan sa komunidad.

- Hikayatin ang inyong anak na pag-usapan ang tungkol sa pamilyar na mga bagay, mga tao at mga gawain.
- Dalhin ang inyong anak sa mga lugar na makapagbibigay ng mga pagkakataong makipag-uugnay at makipaglaro sa ibang mga bata.
- Hikayatin ang inyong anak na isaalang-alang ang nasa isip at damdamin ng iba pang mga tao, o kahit hayop
- Ipaliwanag sa inyong anak ang dahilan kung bakit ginagawa natin ang iba't-ibang bagay, halimbawa: "nagsusuot tayo ng mittens upang mapanatiling mainit-init ang ating mga kamay." "Nagsisipilyo tayo ng ating mga ngipin upang luminis at maiwasan pagkasira nito."
- Ipaliwanag sa inyong anak, bago umalis ng bahay nang sama-sama, kung saan kayo pupunta at kung ano ang gagawin doon, *hal.* "Pupunta tayo sa tindahan ngayon para bumili ng tinapay at gatas."

Cognitibong kasanayan - basic math, paghahanda sa pagbabasa, at kasanayan sa paglutas ng simpleng sitwasyon o problema.

- Ituro ang mga palatandaan sa inyong kapaligiran at sabihin sa inyong anak kung ano ang ibig sabihin ng mga ito, *hal.* "STOP" o "HUMINTO", "TRAIN CROSSING" o "MAY DUMADAANG TREN", CLOSED o SARADO, "WALK" o "MAGLAKAD" atbp.
- Gumamit ng mga salita tulad ng higit pa / mas mababa, mas malaki / mas maliit, malaki / mas malaki / pinakamalaki, sa tabi / sa itaas / sa ilalim / sa ibabaw, habang nakiki-paglaro sa inyong anak.
- Magbilang kasabay ang inyong anak habang paakyat o pababa ng hagdan.
- Ituro ang mga numero ng mga sumusunod: palatandaan sa komunidad, ng inyong bahay o apartment, sa keypad ng telepono o Computer.
- Ituro ang mga titik/letra tulad unang titik sa pangalan ng inyong anak at ibang miyembro ng pamilya, mga titik sa alpabeto, o sa mga laruan tulad ng mga bloke.
- Gamitin ang pagkakataon kapag ang inyong anak ay nakaramdam ng pagkabigo o pagkainis upang hikayatin silang gumawa ng mga bagong paraan upang malutas ang isang problema, *hal.* "Sa tingin mo, ano ang mangyayari kung binuksan mo ang piraso ng puzzle at sinubukan muling gawin ito? "

Wika at Komunikasyon – pag-unawa sa pasalitang wika at sa kakayahang ipahayag ang mga saloobin at damdamin.

- Mahalagang makipag-usap, kumanta, umawit at magbasa ng libro kasama ang inyong anak. Pag-usapan ang mga bagong salitang nasa awit, chants o kuwento.
- Maghanap kayo ng mga librong maaaring basahin bago matulog . Maaari ninyong basahin ang mga salita o pag-usapan ang mga larawan.
- Gawing regular ang pagpunta sa library upang humiram ng mga libro at dumalo sa mga kaganapan tulad ng storytime.
- Ibahagi ang mga kwento tungkol sa inyong kultura, kasaysayan o kuwentong pamilya sa inyong anak, kahit na maikli lang, halimbawa "nung ako ay ka-edad mo...," "Noong unang panahon ..." Hikayatin ang inyong anak na magbahagi rin ng mga kuwento
- Makinig nang mabuti sa inyong anak. Pagnilayan ang mga komento, magtanong at gumamit ng mga mapaglarawang salita upang hikayatin ang inyong anak na mag-isip nang higit pa tungkol sa mga ideya.

Pag-unlad na Pam-Pisikal

Kasama ang dalawang mahalagang uri ng pagkilos ng mga bata, *fine* o pinong pagkilos at *gross motor* o pagkilos gamit ang malalaking *muscles* sa katawan.

Fine Motor - paggamit ng mga maliliit na kalamnan (muscles) at mga paggalaw na kailangan ng koordinasyon nang kamay at mata.

Hikayatin ang inyong anak na:

- Hawakan, pisilin, at damputin ang mga bagay tulad ng snow, buhangin, play dough, clay o masa ng tinapay.
- Pulutin ang maliliit na mga bagay tulad ng berries, mga barya, kuwintas o tinapay, at mga laruan tulad ng mga binubuong bloke, kotse, hayop o tao.
- Gumamit ng kutsara, tinidor, lapis, brush na pangpintura, gamit sa paglalaro ng buhangin, o chalk na pwedeng pan-sulat sa sidewalk. Magagamit ng inyong anak ang mga bagay tulad ng mga screwdriver o gunting, siguraduhin na may nakatatandang gumagabay.

Gross Motor - paggamit ng malalaking kalamnan na kontrolin ang mga braso, binti at katawan.

- Hayaan ang inyong mga anak na makalabas ng bahay at pag-aralan ang kapaligiran, subalit laging siguraduhin ang kanilang kalusugan at kaligtasan.

- Hikayatin ang inyong anak na umakyat at bumaba sa burol at maglaro sa lugar na may dumi, sa damuhan, buhangin, bato, karpel, atbp.
- Hikayatin ang inyong anak na maglaro ng bola, maghagis, sumalo at sumipa nito, at gumamit ng iba pang mga gamit tulad ng mga raketa ng tennis o scoops, atbp.
- Dalhin ang inyong anak sa parke at palaruan kung saan may maraming espasyo para tumakbo, umakyat at maglaro.
- Payagan ang inyong anak na bumuo ng *forts* o kuta gamit ang kumot at unan. Lumikha ng mga kathang-isip na mga bagay at lugar tulad ng mga kastilyo, mga sasakyan o malawak na taniman, at hikayatin silang kumilos ng naaayon sa lugar kung nasaan sila, hal. naglalakad tulad ng iba't ibang mga hayop, nagmamartsa sa isang parada, gumagalaw tulad ng tren, atbp.